Liberty Utilities

To learn more about the Liberty Utilites' Emergency Disaster Relief Program,
please visit http://libertyutilties.com/disaster-relief-water-la/

Para obtener más información sobre el Programa de Ayuda Ante Desastres de Emergencia de Liberty Utilities, visite http://libertyutilities.com/disaster-relief-water-la/

Upang makaalam ng higit pa tungkol sa Emergency Disaster Relief Program ng Liberty Utilities, bisitahin ang http://libertyutilities.com/disaster-relief-water-la/

Để tìm hiểu thêm về Chương trình Cứu trợ Thiên tai Khẩn cấp của Liberty Utilities, vui lòng truy cập trang http://libertyutilities.com/disaster-relief-water-la/

要了解更多有关Liberty Utilities 紧急救灾计划的信息, 请访问 http://libertyutilities.com/disaster-relief-water-la/

Sa Liberty Utilities, ang paghahatid ng mahalagang serbisyo sa tubig nang ligtas at maaasahan sa aming mga kostumer ay ang aming palaging pangunahing layunin. Noong Marso 4, 2020 idineklara ni Gobernador Gavin Newsom ang isang pang-estadong emerhensiya sa California bilang bahagi ng tugon ng estado upang matugunan ang pandaigdigang pagsiklab at mabilis na umuusbong na COVID-19. Nais ka naming bigyan ng update sa mga aksyon na ginagawa namin sa aming kumpanya upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng aming mga kostumer at empleyado at upang tulungan na matiyak na ang mga komunidad na aming pinaglilingkuran ay maaaring magpatuloy na umasa sa mga kritikal na serbisyo na aming ibinibigay.

# Ligtas ba ang aking tubig sa gripo mula sa Coronavirus?

- Ang iyong tubig sa gripo ay ligtas mula sa coronavirus (COVID-19), ayon sa World Health Organization (WHO) at sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC). Ang mga hakbang sa proteksyon sa Liberty Utilities ay palagiang ginagawa upang maprotektahan ang kalidad ng tubig at epektibo upang mapanatili itong ligtas mula sa mga virus.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Centers for Disease Control and Prevention, sa cdc.gov.

# Pagtugon sa mga pangangailangan ng aming mga kostumer

- Sinuspinde na ng Liberty Utilities ang mga pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad at tinanggal ang mga bayarin sa pagputol at pagkapaso at mga security deposit sa mga apektadong kostumer. Kasama sa pansamantalang pagsuspinde na ito ang mga pang-tahanan at pang-negosyo na mga kostumer.
- Hinihikayat ng Liberty Utilities ang mga kostumer na may mga katanungan o maaaring nahaharap sa potensyal na paghihirap na makipag-ugnayan sa aming mga kagawaran ng serbisyo sa kostumer. Ang Liberty Utilities ay nag-aalok ng iba't-ibang mga pagpipilian sa pagbabayad at maaaring tumulong sa mga kostumer sa pag-aayos ng pagbabayad kung kailanganin nila.
- Pansamantalang sinuspinde ng Liberty Utilities ang lahat ng mga pag-alis ng programang CARW at ipinagpaliban ang mga kahilingan sa recertification at pagpapatunay para sa programang ito.
- Sinuspinde na ng Liberty Utilities ang lahat ng mga programa ng kostumer sa mga tahanan at negosyo kabilang ang mga pag-audit ng tubig.
- Ang Liberty Utilities ay nagdagdag ng isang pahina sa aming website, www.libertyutilities.com, na nakatuon sa mga update habang nagaganap ito. Sa bawat pagkakataon na may maganap na update, ibabahagi ito sa mga kostumer sa pamamagitan ng mga post sa email at social media. Sundan kami sa Facebook at Twitter. Kung wala kami ng iyong email address, mangyaring tumawag sa 1-800-727-5987 upang maidagdag.

# Pagprotekta sa aming mga kostumer

- Sa pagsunod sa Safer at Home Health Order na inilabas ni Gobernador Newsom, ang mga walk-in center ng Liberty Utilities ay sarado para sa mga pagbayad hanggang sa karagdagang abiso.
- Upang magsagawa ng social distancing, hinihikayat ng Liberty Utilities ang aming mga kostumer na gamitin ang aming iba pang mga paraan ng pagbabayad na magagamit sa aming Pay My Bill Webpage sa www.libertyutilities.com, at tumawag sa amin para sa mga katanungan sa 1-800-727-5987.

# Tinitiyak ang paghahatid ng ligtas at maaasahang serbisyo

- Ang Liberty Utilities ay nagpalabas ng aming planong paghahanda sa pandemya na naghahanda para sa kung paano maaaring maapektuhan ng virus ang aming organisasyon at ang mga komunidad na aming pinaglilingkuran, at kung paano tumugon nang naaayon.
- Ang Liberty Utilities ay patuloy na sumusubaybay sa sitwasyon at aktibong nagbabahagi ng mga update at impormasyon sa aming serbisyo sa kostumer, pagsingil at mga nagtatrabahong empleyado (araw-araw, lingguhan o mas madalas, kung kinakailangan) upang mapanatili nilang ligtas ang kanilang mga sarili,ang kanilang mga pamilya, at ang kanilang komunidad.
- Nagpalabas ang Liberty Utilities ng "Mga Patakaran sa Social Distancing" sa pamamagitan ng paghihiwalay ng aming mga espasyo sa tanggapan nang higit sa 6 na talampakang distansya.
- Tinukoy ng Liberty Utilities ang mga kailangang kawani at hiniwalay sila sa pangkalahatang populasyon ng gawa sa pamamagitan ng mga patakarang work at home (pagtatrabaho sa bahay).
- At syempre, hinihiling namin mula sa aming mga empleyado na patuloy na sumunod sa mga rekomendasyon ng CDC tungkol sa personal na kaligtasan (gaya ng madalas na paghuhugas ng kamay at paglayo sa mga taong may sakit).

Ibinibigay namin ang tubig na nagpapanatiling tumatakbo sa ating mga ospital, bukas sa ating mga tindahan ng groseri, nakahanda ang mga serbisyong pang-emerhensiya, at ligtas at komportable ang mga tahanan. Sineseryoso namin ang responsibilidad na ito. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin para sa anumang mga katanungan.

Chris Alario, PhD
Liberty Utilities (California)
Pangulo, California